Nananawagan ng mga estudyante para sa panggabing junior high school!

名古屋市

Nagoyaka Junior High School

# Lungsod ng Nagoya Junior High School ng Nagoyaka


**Abril 2025 (Taong Reiwa 7) Bukas**

## Mga puwedeng Mag-enrol sa Panggabing Junior High School

**Makakapasok sa paaralan ang mga lumampas na sa edad ng kompulsaryong edukasyon (lampas 15) at tumutugma sa alinman sa mga sumusunod na kondisyon.**

- Mga hindi nakapagtapos ng kompulsaryong edukasyon dahil sa iba't-ibang kadahilanan
- Mga banyaga na hindi nakapagtapos ng ompulsaryong edukasyon sa kanilang pinagmulang bansa
- Mga hindi nakatanggap ng sapat na kompulsaryong edukasyon dahil sa iba't-ibang kalagayan, tulad ng hindi pagpasok sa paaralan

## Kung nasaan ang Nagoyaka Junior High School:




**Address**

4-19-1 Meieki, Nakamura Ward, Lungsod ng Nagoya (Sa campus ng Paaralang Elementarya ng Sasashima at Junior High School, Lungsod ng Nagoya)

**Access**

Istasyon sa Sentro ng Kokusai, Subway ng Munisipyo ng Nagoya 2-minutong lakad

Istasyon ng Nagoya, Subway ng Munisipyo ng Nagoya 6-minutong lakad

## Detalyadong Impormasyon

**Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bisitahin ang opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya.**

Nagoyashi Yakanchuugaku


**Available ang impormasyon sa iba't ibang wika**

- English
- 한국어
- Español
- Tagalog
- 中文
- नेपाली
- Tiếng Việt
- Português

**Makipag-ugnayan sa:**

**Tanggapan para sa Pagpapalaganap ng Pag-unlad ng Paaralan, Kalihiman ng Lupon ng Edukasyon Lungsod ng Nagoya**

| Address | Telepono | E-mail |
| --- | --- | --- |
| 1-9-1 Nishiki, Naka Ward, Nagoya City | 052-211-8932<br>(Lunes - Biyernes maliban sa Pista Opisyal 9:00 am - 5:00 pm) | a2537937@kyoiku.city.nagoya.lg.jp |



# Lunes hanggang Biyernes

- May 5 araw na klase sa isang linggo.
- Pag-aaralan ang lahat ng subject sa junior high school (Wikang Hapon, Araling-Panlipunan, Matematika, Agham, English, Musika, Sining, Kalusugan at Pisikalna Edukasyon, Teknolohiya at Araling-Pantahanan, atbp.)
- Ang mga lisensyadong guro ang magtuturo.
- Magtatapos sa junior high school pagkatapos makumpleto ang lahat ng kurikulum.
- Libre ang matrikula.
- Libreng ibibigay ang mga aklat.
- Makakapag-enroll ka kahit nagtatrabaho ka.
- Depende sa kakayahan mo sa akademya, atbp., puwede ka ring magsimula mula sa ikalawa o ikatlong baitang.
- Isinasaalang-alang namin ang paglalaan ng pagkain sa paaralan.

## Pangkaraniwang araw ng Panggabing Junior High School (tentative)

| | |
|---|---|
| 5:30 pm - 5:35 pm | Homeroom |
| 5:35 pm - 6:15 pm | Unang period (40 minuto) |
| 6:15 pm - 6:40 pm | Break |
| 6:40 pm - 7:20 pm | Pangalawang period (40 minuto) |
| 7:25 pm - 8:05 pm | Pangatlong period (40 minuto) |
| 8:10 pm - 8:50 pm | Pang-apat na period (40 minuto) |
| 8:50 pm - 9:00 pm | Homeroom |

**Bawat klase ay 40 minuto, at may apat na klase sa isang araw.**

**May mga break sa pagitan ng mga klase.**



## Proseso hanggang sa enrollment

Sasabihin ang mga detalye sa sesyon ng impormasyon sa paaralan.

### Dumalo sa sesyon ng impormasyon sa paaralan

**Lugar: NAGOYA KOKUSAI SENTA - o Nagoya International Center (NIC), Lecture Room 3 (4th floor)**

**Sesyon 1** — **Agosto 3, 2024** (Sabado)
Magsisimula ng 2:00 pm
(Reception: 1:30 pm)

**Sesyon 2** — **Agosto 20, 2024** (Martes)
Magsisimula ng 7:00 pm
(Reception: 6:30 pm)

**Sesyon 3** — **Setyembre 19, 2024** (Huwebes)
Magsisimula ng 7:00 pm
(Reception: 6:30 pm)

**Sesyon 4** — **Oktubre 6, 2024** (Linggo)
Magsisimula ng 2:00 pm
(Reception: 1:30 pm)

### Magsumite ng form ng aplikasyon

(Tatanggapin simula Agosto 2024)

▼ Isumite iyon hanggang sa
Tanggapan para sa Pagpapalaganap ng Pag-unlad ng Paaralan
1-9-1 Nishiki, Naka Ward, Nagoya City

Deadline ng pagsusumite: Disyembre 12, 2024 (Huw)


### Indibidwal na interbyu (Mula Setyembre 2024)

Hindi ito pagsusulit para makapasok sa paaralan (interbyu).

### Idedepende ang sa interbyu sa iyo ang desisyon kung makakapasok ka

(Ipapaalam sa iyo ang resulta ng mga Enero 2025.)

### Oryentasyon sa enrollment (Planong gawin sa Pebrero 2025.)



**Puwedeng i-download mula sa opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya.**

**Available ang impormasyon sa recruitment at form ng aplikasyon sa sumusunod na mga lugar:**

- Sa bawat ward o tanggapang pansangay
- Bulwagan ng Edukasyon ng Lungsod ng Nagoya
- Internasyonal na Sentro ng Nagoya, atbp.